# Ano Ang Gagawin Mo?

*Isang araw ang apo ay nagtanong sa lola*
*Ng ganito: "Kailan ang karahasan*
*Isang katibayan ng pagkamakabayan?"*
*Ang matanda'y huminto sa pagsusuisi,*
*At pinukulan ng mapanuring tingin ang apo.*
*"Ang karahasan, anak," aniya, "ay kailangan*
*Sa panahong nilalapastangan ang karapatan ng Bayan."*
*Hindi naintindihan ng apo ang sagot,*
*Kaya siya'y nagtanong ng ganito:*
*"Lola, iyang sagot po'y ipaliwanag ninyo."*
*Panandaliang ipinikit ng matanda ang mga mata,*
*At isang panglitain ang naimbak sa kaniyang alaala.*
*"Anak," ang pasimula ng lola,*
*"Kung tayo dito sa bahay ay biglang sinalakay*
*Ng mga sundalo at pinagpapatay,*
*Ano ang gagawin mo?*
*Kung ang mga dayuhang nanunuluyan sa atin,*
*Ay napag-alaman mong sumisipsip sa ating kabuhayan,*
*Ano ang gagawin mo?*
*Kung ang tatay mong magsasaka ay pinagsasamantalahan*
*Ng may-ari ng lupang kaniyang sinasaka,*
*Ano ang gagawin mo?*
*Kung ang maliit na kita ng kapatid mong tsuper,*
*Ay hinuhuthot ng mga pinuno ng Bayan,*
*Ano ang gagawin mo?*
*Kung ang ina mong isang manggagawa sa tubuhan,*
*Ay parang hayop na pinagtatrabaho subali't napakaliit*
*ng suweldo,*
*Ano ang gagawin mo?*
*At bilang isang estudyante at isang mamamayan,*
*Ikaw ay pinagkakaitan ng karapatang tumuligsa sa*
*Pamahalaan,*
*Ano ang gagawin mo?*
*At ang bata ay sumagot ng ganito:*
*"Lola, kahit ako'y magbuhos ng dugo,*
*Ang mga karapatan ko at ng Baya'y ipaglalaban ko.*
*Ang karahasan ay suklian ko ng mas lalo pang karahasan,*
*Hanggang sa maibagsak ang mang-aapi at mga kaaway*
*ng Bayan!"*
*At ang lola'y nagsabi ng ganito:*
*"Ang tanong mo'y sinagot mo na rin.*
*Kayong mga Kabataan ang humabi ng Kasaysayan!"*

— MOLAVE